

Mga Kinakailangan para sa Lahat ng mga Negosyo

Sa ilalim ng bagong Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan, ang mga negosyo ay dapat sumunod sa mga mahahalagang kinakailangan na idinisenyo upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19, at ang ilang mga negosyo na may mataas na panganib ay dapat manatiling sarado. Narito ang mga kinakailangan na nalalapat sa lahat ng mga negosyo sa komunidad:

Pagdistansya sa Ibang Tao: Ang lahat ng mga negosyo ay dapat mangailangan sa mga empleyado at customer na magsuot ng panakip sa mukha alinsunod sa [mga kinakailangan sa panakip sa mukha ng](#) Estado, panatilihin ang hindi bababa sa $\frac{1}{6}$ na talampakan mula sa iba sa lahat ng oras, at magbigay ng mga supply para sa paghuhugas paglilinis ng kamay ng mga customer at kawani.

Mga limitasyon sa kapasidad: Ang ilang mga negosyo ay napapailalim sa mga limitasyon sa kapasidad na nauugnay sa COVID-19 at dapat limitahan ang bilang ng mga tao sa loob ng kanilang mga pasilidad sa isang tiyak na porsyento ng kanilang karaniwang pinakamataas na bilang ng mga tao sa loob. Bisitahin ang www.sgo.org o idapa.ity upang malaman kung ang inyong negosyo ay napapailalim sa mga partikular na limitasyon sa kapasidad na nauugnay sa COVID-19.

Telework: Telework: Lahat ng mga manggagawa na maaaring gumawa ng kanilang mga trabaho mula sa bahay ay kinakailangang magtrabaho nang malayuan (remotely).

Mga Direktiba na Partikular sa Industriya: Ang mga negosyo ay dapat sumunod sa anumang mga direktiba na partikular sa industriya na mula sa Opisyal ng Pangkalusugan, pati na rin ang anumang patnubay na partikular sa industriya na mula sa Estado

Pag-ulat ng mga Kaso ng COVID-19 sa Pampublikong Pangkalusugan: Dapat mag-alerto ang mga negosyo sa Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan kung ang mga manggagawa ay nasuring positibo sa COVID-19, at tiyakin na mag-alerto ang mga manggagawa sa kanilang mga employer kung sila ay nasa trabaho habang sila ay nakakahawa.

Magsumite ng Bagong Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao sa County: Ang lahat ng mga negosyo ay dapat magkumpleto at magsumite ng isang Binagong Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao sa County, na magagamit ng publiko sa pamamagitan ng website ng County, sa loob ng 14 na araw mula sa petsa ng pagkabisa ng Oktubre 5 na Kautusan. Ang mga negosyo ay dapat magsumite ng isang Binagong Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao kahit na dati silang nagsumite ng isang orihinal na Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao sa ilalim ng Hulyo 1 na Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan.

Mga Kinakailangan para sa Lahat ng mga Negosyo

Ano ang Kinakailangan ng Binagong Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao?

- Kumpletuhin at isumite online sa www.COVID19Prepared.org, at lagdaan sa ilalim ng parusa na bawal ang pagsisinungaling.
- Magpaskil ng mga palatandaan upang mapanatiling may kaalaman ang mga manggagawa at customer tungkol sa pagdistansya sa ibang tao, panakip sa mukha, at mga kinakailangan sa kalinisan.
- Sanayin ang mga manggagawa kung paano maging ligtas sa trabaho.
- Atasan ang mga manggagawang may sakit na manatili sa bahay, at suriin ang lahat ng mga manggagawa para sa mga sintomas.
- Ihanda ang sabon at tubig o sanitizer ng kamay para magamit sa paglilinis ng mga kamay.
- Lubusan at regular na linisin ang mga pasilidad.
- Panatilihin ang pagdistansya sa ibang tao at sumunod sa lahat ng mga paghihigpit sa kapasidad.
- Magkaroon ng isang plano kung may nasuring positibo sa COVID-19.

TANDAAN: Bilang karagdagan sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County, ang mga negosyo ay dapat sumunod sa Kautusan na Manatili-sa-Bahay ng Estado. Ang mas mahigpit na Kautusan ang nalalapat. Ang mga may-ari ng negosyo na pinapayagang magbukas sa ilalim ng Kautusan ng County ay dapat magkumpirma na pinapayagan din silang magbukas sa ilalim ng Kautusan ng Estado.